

Newsletter para sa Dami ng Trabaho sa Paglilinis



Setyembre 2020


Bolyum 2, Isyu 6

Nakumpleto ang Survey sa Trabaho ng Mga Janitor ngayong taon: Nakatanggap kami ng 660 sagot mula sa mga janitor sa buong Estado ng Washington na nakibahagi online, sa pamamagitan ng koreo, at telepono. Salamat sa lahat ng sumali!

Sa issue na ito ng newsletter, gusto naming ibahagi ang ilang resulta at pagtuunan ang ilan sa mga idinulog na isyu na mahalaga sa iyong kalusugan, sa partikular, habang nagtatrabaho ka ngayong may pandemyang dulot ng COVID-19.

TUNGKOL SA MGA RESPONDENT SA AMING SURVEY:

- 660 janitor
- 56% ang babae
- Average na edad: 45 taong gulang
- Available ang survey sa walong (8) wika
 - Spanish at Vietnamese ang mga pinakakaraniwang wikang ginamit na hindi English.
- 29% ang miyembro ng unyon





Ilang paunang napag-alaman:

- Halos 20% ng mga janitor na sumagot sa aming survey ang nagsabing nagtamo sila ng pinsala sa trabaho sa nakalipas na 12 buwan.
 - Mas marami ito kaysa sa karaniwang iniuulat ng mga manggagawa sa ibang trabaho
- Isinaad rin ng mga janitor na masyadong maraming trabaho at na talagang mabilisan dapat silang kumilos, at na wala silang sapat na kemikal/kagamitan para magawa ang kanilang trabaho nang mabuti:
 - 91% ang nagsabing kung minsan, o kadalasan, ay “talagang mabilisan” dapat sila kumilos
 - 17% ang nagsabing wala, bihira, o minsan lang sila may “sapat na oras para makumpleto ang kanilang trabaho”
 - 18% ang nagsabing madalas, o araw-araw, ay hindi sapat ang bilang ng mga tao para matapos ang lahat ng dapat gawin
 - 15% ang nagsabing “malamang o may napakalaking posibilidad” na madulas, matisod, o matumba sila habang ginagawa ang kanilang mga karaniwang aktibidad sa trabaho
 - Ang “pagmamadali” ang isa sa mga naiulat na nangungunang dahilan nito
 - 33% ang nagsabing “hindi maganda” o “ayos lang” ang kalidad ng kanilang mga tool o kagamitan
 - 35% ang nagsabing nakasama ito sa kanilang trabaho (bumagal o mas nahirapan sila dahil dito)
 - 14% ang nagsabing hindi sila nabigyan ng sapat na de-kalidad na supply para sa paglilinis

Hindi nalalayo ang mga resultang ito sa mga napag-alaman sa survey sa mahigit sa 500 tagalinis sa Australia, kung saan 91% ang nagsabing kailangan nilang magmadali palagi, at 80% ang nagsabing wala silang sapat na kagamitan para sa paglilinis para maayos na magawa ang kanilang trabaho (United Workers Union, Australia).¹

Mas sisiyasatin namin ang mga isyung ito sa mga susunod na buwan.

Pag-aaralan namin ang kumpletong resulta ng survey at magbibigay kami ng mga update; ipost ito sa website ng [Survey sa Trabaho ng Mga Janitor](#), at iaanunsyo ito sa aming newsletter – [mag-sign up dito!](#)

* Pakitandaang na-update namin ang aming numbering system – banggitin ang mga dating lathalain gamit ang natatanging publication number (numero ng lathalain) ng mga ito para maiwasan ang pagkalito. Gusto naming pasalamatang ang aming mga mambabasa para sa kanilang opinyon!

¹ [Cleaner Survey: Not Enough Time to Deliver Essential Cleaning Work During Coronavirus; United Workers Union, Australia. Mayo 2020.](#)